GMRC 2 Quiz: **Mabuting Pakikipagkapwa sa Tao sa Paligid Natin**
Panuto: Basahin ang bawat maikling kuwento at piliin ang tamang sagot.

1. Si Novee ay nakitang pagod si Nanay sa paglilinis ng bahay. Imbes na manood ng TV, kinuha niya ang walis at tumulong.
Ano ang ipinakita ni Lara?
    A. Katamaran
    B. Pagiging matulungin
    C. Pagiging makulit
    D. Pagpapanggap

2. May bagong kaklase si Christine na nagngangalang Sally. Wala siyang kakilala. Nilapitan siya ni Sally at inaya makipaglaro. Ano ang ipinakita ni Christine?
    A. Pagiging mapagkaibigan
    B. Pagmamataas
    C. Pagiging suplada
    D. Pag-iwas

3. Habang kumakain si Annie at ang kanilang bisita, napansin niyang walang plato ang bisita.
Ano ang dapat niyang gawin?
    A. Tawanan ito
    B. Ibigay ang extra plate sa bisita
    C. Kumain agad
    D. Magkunwaring hindi napansin

4. Si Cherryl ay may kaklase na walang baon. Naawa siya kaya ibinahagi niya ang kanyang sandwich. Anong ugali ang ipinakita ni Anna?
    A. Pagiging maramot
    B. Pagiging mapagbigay
    C. Pagiging mapagmataas
    D. Pagwawalang-bahala

5. Si Ma'am Liza ay papasok sa silid-aralan at bitbit ang maraming gamit. Agad siyang tinulungan ni Paolo.
Ano ang ugaling ipinakita ni Paolo?
    A. Kabaitan
    B. Katamaran

LIVEWORKSHEETS

C. Kawalang-galang
D. Pagpapanggap

6. Habang naglalakad si Jovie, nakita niya ang kapitbahay nilang nagbubuhat ng mabigat. Nilapitan niya ito at inalok ng tulong. Anong katangian ni Jovie ang lumitaw?

A. Pagiging matulungin
B. Pagiging walang pakialam
C. Pagiging tamad
D. Pagmamataas

7. Si Quennie ay nakitang madumi ang paligid ng barangay. Tinawag niya ang mga kaibigan upang maglinis. Anong ugali ang ipinakita ni Quennie?

A. Pakikipagtulungan
B. Katamaran
C. Pagwawalang-bahala
D. Pag-iwas

8. Si Jean ay nagkamali sa sagot sa klase. Imbes na pagtawanan, sinabi ni Jessa nang mahinahon ang tamang sagot. Ano ang ugaling ipinakita ni Jessa?

A. Paggalang at kabaitan
B. Pagyayabang
C. Pagtatawa
D. Panunukso

9. Si Joanna ay nakakita ng kaklaseng nalulungkot at mag-isa. Nilapitan niya ito at kinausap.
Anong ugali ni Joanna ang dapat nating gayahin?

A. Pagiging mapagmalasakit
B. Pagwawalang-bahala
C. Pagpapakita ng yabang
D. Panunukso

10. Si Jessica ay palaging ngumingiti at bumabati sa mga kapitbahay tuwing umaga.

LIVEWORKSHEETS

Anong katangian ni Jessica ang ipinapakita?

A. Pagiging magalang at magiliw

B. Pagwawalang-bahala

C. Pagiging suplada

D. Pagiging tahimik

LIVEWORKSHEETS